



Mayroon nang “Gabay tungkol sa Elementarya para sa mga Dayuhang Magulang/Tagapag-alaga”

Sa mga batang may ibang lahi na nais mag-aral sa elementarya ng Ota City at kanilang mga magulang/tagapag-alaga

May mga sistema at patakaran sa elementarya ng Japan na iba sa inyong bansa. Marahil ay nais ninyong papasukin ang anak sa elementarya, ngunit nag-aalala dahil maraming bagay na hindi alam. Inihanda namin ang brochure na ito nang sa gayon ay mabawasan kahit konti ang mga pag-aalala at makapasok sa elementarya ang inyong anak nang masaya at panatag ang loob. Mangyaring sumangguni lamang dito.

Pangunahing nilalaman

- Mga gagawin bago pumasok sa elementarya
- 1 taon sa elementarya
- 1 araw sa paaralan
- Mga gagawin ng magulang/tagapag-alaga
- Perang babayaran sa paaralan
- Mga salitang gagamitin sa paaralan atbp.

Wika


- Inihanda ito sa 6 na wika. Lahat ay pareho ang nilalaman.
- Simpleng wikang Hapon
 - Ingles
 - Intsik
 - Tagalog
 - Nepalese
 - Vietnamese

Saan

Maaaring i-download mula sa website ng Global City Ota Cooperation Association.
<https://www.ota-goca.or.jp/schoolguide/>

Magkano

Kung gusto ng brochure sa anyong papel, maaari itong bilhin sa Global City Ota Cooperation Association.
300 yen ang 1 brochure



「保護者」とは、子どもを育てている人のことです。



Parents/Guardians are those who are taking care of the child.

Pakiusap

Ang brochure na ito ay nagbibigay ng balangkas tungkol sa mga elementaryang itinayo ng Ota City. Ang mga detalye ay iba sa bawat paaralan, kaya't siguraduhing itanong ang mga ito sa guro atbp. ng elementaryang papasukan.

Para sa mga katanungan

General Incorporated Foundation Global City Ota Cooperation Association
☎ 03-6410-7981 FAX 03-6410-7982
E-mail info@ota-goca.or.jp
URL <https://www.ota-goca.or.jp/>

Katapusan at simula ng taon; Pansamantalang pagsasara ng Consultation Counter sa Iba't Ibang Wika ng Global City Ota Cooperation Association

— Panahon ng pagsasara para sa katapusan at simula ng taon —
Ika-28 ng Disyembre, 2019 (Sabado) – Ika-4 ng Enero, 2020 (Sabado)
*Tungkol sa konsultasyon sa abogado, isasagawa pa rin ito sa ika-5 ng Enero (1:00pm – 5:00pm). Kailangan ng reserbasyon para rito.

Para sa mga katanungan

Consultation Counter sa Iba't Ibang Wika ng Global City Ota Cooperation Association
Ota-ku Kamata 5-13-26 Consumer Center 1F
☎ 03-6424-8822 FAX 03-5710-6330
E-mail info@ota-goca.or.jp
URL <https://www.ota-goca.or.jp/>

Mag-aral tayo ng wikang Hapon sa larangan ng caregiving!

Ito ay classroom para sa mga taong nais magtrabaho bilang caregiver. Pag-aaralan ang mga salita at pakikipag-usap na ginagamit sa trabaho bilang caregiver. Tingnan lamang ang website para sa mga detalye.

<https://www.ota-goca.or.jp.e.ahr.hp.transer.com/kaigo/>



Para sa mga katanungan

General Incorporated Foundation Global City Ota Cooperation Association
☎ 03-6410-7981
FAX 03-6410-7982

Nakapaghanda ka na ba para sa sakuna?

Sa Global City Ota Cooperation Association, may mga volunteer para sa mga dayuhang residente sa oras ng emergency.

Sila ang susuporta sa mga dayuhang hindi nakakapagsalita ng wikang Hapon at nangangailangan ng tulong dahil hindi alam ang gagawin sa oras ng sakuna. Bukod dito, regular din silang nagtuturo kung paano kumilos sa oras ng sakuna, at iba pang suporta tulad ng pagsasalin sa mga disaster prevention drill atbp.

Mga nilalaman ng "First Aid Drill" para sa mga dayuhan

- Pagsasanay sa pagtawag sa 119 (pagtawag ng ambulansya at bumbero)
- Chest compression (heart massage) at paggamit ng AED
- Emergency stretcher (gagawa ng stretcher gamit ang kumot)

Noong Agosto 2019, nagsagawa ng First Aid Drill para sa mga dayuhan sa Consumer Center ng Kamata.



Mga puna mula sa mga lumahok

G. Phuong (Vietnam)



Ito ang unang pagkakataon na lumahok ako sa pagsasanay para makapaghanda sa oras ng emergency. Walang ganitong pagsasanay sa Vietnam. Na-enjoy kong matuto kasama ng mga volunteer para sa mga dayuhang residente sa oras ng emergency. Sa palagay ko, mabuting lumahok ang mga dayuhan sa pagsasanay na ito!

G. Mitsuo (Mexico)



Napakabuting hakbang nito. Marami akong natutunan. Sa Mexico, kakaunti ang nakakaalam tungkol sa AED. Sa Japan ay nakikita ko ito sa lahat ng dako. Napakabuting bagay nito.

Bb. Aarati (Nepal)



Natuto ako ng napakahalagang bagay na makapagtatanggol ng buhay ng tao. Ito ang unang pagkakataon na lumahok ako sa ganitong pagsasanay dahil wala ito sa Nepal. Sa palagay ko, mabuti kung aktibong lumahok ang mas marami pang dayuhan.

G. Tharindu (Sri Lanka)



Ito ang unang pagkakataon na nakakita ako ng AED. Marami akong natutunan.

Pamilya ni G. Quazi (Bangladesh)



Lumahok kaming apat ng asawa at dalawa kong anak. Napakabuting hakbang nito. Marami akong natutunan.

(Tungkol sa larawan: Kinuha ang larawan ng pamilya ni G. Quazi kasama ng mga volunteer para sa mga dayuhang residente sa oras ng emergency)

Halina't lumahok sa "Disaster Prevention Drill"!!

Ano ang gagawin sa disaster prevention drill? Maaaring lumahok sa mga sumusunod na pagsasanay.

(Mga halimbawa)

Pagsubok na sumakay sa earthquake simulation vehicle:

Mararanasan ang lakas ng yangig ng lindol.

Pagsubok sa usok

Maglalakad sa loob ng usok na katulad ng nasa sunog.

Bandaging

Pag-aaralan kung paano tumugon kapag may nasugatan.



AED

Pag-aaralan ang heart massage at paggamit ng AED.



Maaari ring magparehistro ang mga dayuhang nakakapagsalita o bahagyang nakakapagsalita ng wikang Hapon para maging volunteer para sa mga dayuhang residente sa oras ng emergency. Makipag-ugnayan lamang para sa mga detalye.

Ang Japan ay isang bansa kung saan nagkakaroon ng maraming sakuna tulad ng lindol atbp. Ano ang gagawin mo kapag nagkaroon ng lindol? Ngayon pa lamang ay dapat maging handa para sa sakuna.

- 1 Mag-usap sa pamilya at pagpasyahan ang tungkulin ng bawat tao, paraan ng pagkumpirma ng kaligtasan at lugar kung saan magkikita-kita.
- 2 Kumpirmahin kung saan ang evacuation shelter (lugar na lilikasan) sa lugar na tinitirahan at antas ng kapanganiban ng lugar.
- 3 Regular na lumahok sa mga disaster prevention drill at magkaroon ng kaalaman tungkol sa pag-iwas sa sakuna. (Ang mga Hapon ay sumasailalim sa pagsasanay para sa malakas na lindol mula sa pagkabata)
- 4 Maghanda para iwasan ang pagtumba / pagbagsak / paggalaw ng mga kagamitan sa bahay at katulad nito. Bukod dito, maglagay ng flashlight sa lugar na madaling mahanap para maging handa sa blackout.
- 5 Maghanda ng mga bagay na kakailanganin sa oras ng emergency

Narito ang "Pamphlet sa Wikang Dayuhan para sa Pag-iwas sa Sakuna"

<http://www.city.ota.tokyo.jp/seikatsu/chiiki/bousai/pamphlet/multilingual-bousai-pamphlet.html>

Para sa mga katanungan

General Incorporated Foundation Global City Ota Cooperation Association

☎ 03-6410-7981 FAX 03-6410-7982

E-mail: info@ota-goca.or.jp URL <https://www.ota-goca.or.jp/>

Tungkol sa proseso ng child allowance sa katapusan at simula ng taon

Hindi tumatanggap ng aplikasyon para sa child allowance sa counter (kabilang ang counter ng mga branch office) mula ika-28 ng Disyembre hanggang ika-5 ng Enero. Mangyaring tingnan ang website ng Ota City para sa paraan ng electronic application o kaya ay makipag-ugnayan sa "Para sa mga katanungan" na nakasaad sa ibaba. Ang deadline ng aplikasyon para sa mga batang ipinanganak ng Disyembre at mga lumipat ng tirahan ay ayon sa mga sumusunod.

| Araw ng pagbabago (Tala 1) | Deadline ng aplikasyon para sa "Pagsisimula ng pagbibigay ng sustento sa Enero" (Tala 2) |
|---------------------------------|--|
| Ika-1 hanggang 12 ng Disyembre | Hanggang ika-27 ng Disyembre Hanggang ika-31 ng Disyembre sa kaso ng electronic application |
| Ika-13 hanggang 22 ng Disyembre | Hanggang ika-6 ng Enero |
| Ika-23 hanggang 31 ng Disyembre | Hanggang ika-15 araw mula sa kasunod na araw ng araw ng pagbabago (Kung Sabado, Linggo, holiday atbp. ang ika-15 araw, ang deadline ay ang kasunod na araw nito na bukas ang opisina) |

(Tala 1) Araw ng kapanganakan, araw na planong lumipat na nakasulat sa moving-out notification na ipinasa ng qualified recipient sa dating lugar na tinirahan, atbp.

(Tala 2) Kung ipapadala sa koreo, dapat matanggap sa Medical Care for Children ang aplikasyon sa araw na ito.

| | |
|--|---|
| Buwan ng pagsisimula ng pagbibigay ng sustento | Sa pamantayan, magsisimula ito sa kasunod na buwan ng buwan na nagpasa ng aplikasyon. Gayunpaman, sa kasong nagpasa ng aplikasyon sa kasunod na buwan ng buwan na may pagbabago, kung ito ay hindi hihigit sa 15 araw mula sa kasunod na araw ng araw ng pagbabago, magsisimula ang pagbibigay ng sustento mula sa buwan ng aplikasyon. Pakipasa nang maaga ang mga inilakip na dokumento para sa aplikasyon. |
| Saan mag-aapply / Para sa mga katanungan | Medical Care for Children, Childcare Support Division ☎ 03-5744-1275 FAX 03-5744-1525 E-mail: t-kod-ko@city.ota.tokyo.jp URL http://www.city.ota.tokyo.jp/seikatsu/kodomo/teate/jidouate/jidou.html |

Tungkol sa pagtatapon ng basura at bagay na maaaring i-recycle sa katapusan at simula ng taon

Pansamantalang titigil ang pangongolekta ng lahat ng uri ng basura mula ika-31 ng Disyembre (Martes) hanggang ika-3 ng Enero (Biyernes).

Sa fiscal year na ito, para sa mga nagtatapon ng nasusunog na basura tuwing Martes at Biyernes, ang unang araw ng pangongolekta sa simula ng taon ay ika-5 ng Enero (Linggo). Sumangguni sa ibaba para sa mga detalye.

| Basurang maaaring i-recycle | Lugar na pangongolektahan | Huling araw ng pangongolekta sa katapusan ng taon | Unang araw ng pangongolekta sa simula ng taon |
|-----------------------------|---|---|---|
| | Lugar na Lunes ang araw ng pangongolekta | ika-30 | ika-6 |
| | Lugar na Martes ang araw ng pangongolekta | ika-24 | ika-7 |
| | Lugar na Miyerkules ang araw ng pangongolekta | ika-25 | ika-8 |
| | Lugar na Huwebes ang araw ng pangongolekta | ika-26 | ika-9 |
| | Lugar na Biyernes ang araw ng pangongolekta | ika-27 | ika-10 |
| | Lugar na Sabado ang araw ng pangongolekta | ika-28 | ika-4 |

| Nasusunog na basura | Lugar na Lunes / Huwebes ang araw ng pangongolekta | ika-30 | ika-6 |
|---------------------|--|--------|-----------------------|
| | Lugar na Martes / Biyernes ang araw ng pangongolekta | ika-27 | ika-5 (Linggo) |
| | Lugar na Miyerkules / Sabado ang araw ng pangongolekta | ika-28 | ika-4 |

| Di-nasusunog na basura | Tuwing ika-1 at ika-3 araw ng linggo sa 1 buwan | Lugar na Lunes ang araw ng pangongolekta | ika-30 | ika-6 |
|------------------------|--|---|--------|--------|
| | | Lugar na Martes ang araw ng pangongolekta | ika-24 | ika-7 |
| | | Lugar na Miyerkules ang araw ng pangongolekta | ika-25 | ika-8 |
| | | Lugar na Huwebes ang araw ng pangongolekta | ika-26 | ika-9 |
| | | Lugar na Biyernes ang araw ng pangongolekta | ika-27 | ika-10 |
| | | Lugar na Sabado ang araw ng pangongolekta | ika-21 | ika-4 |
| | Tuwing ika-2 at ika-4 na araw ng linggo sa 1 buwan | Lugar na Lunes ang araw ng pangongolekta | ika-23 | ika-13 |
| | | Lugar na Martes ang araw ng pangongolekta | ika-24 | ika-14 |
| | | Lugar na Miyerkules ang araw ng pangongolekta | ika-25 | ika-8 |
| | | Lugar na Huwebes ang araw ng pangongolekta | ika-26 | ika-9 |
| | | Lugar na Biyernes ang araw ng pangongolekta | ika-27 | ika-10 |
| | | Lugar na Sabado ang araw ng pangongolekta | ika-28 | ika-11 |

Para sa mga katanungan

Collection and Recycling Section, Sanitation Division
☎ 03-5744-1628 FAX 03-5744-1550

Ang "Ota City Navigation" ay inilathala ng Global City Ota Cooperation Association simula ng fiscal year 2019.

Tagapaglathala General Incorporated Foundation Global City Ota Cooperation Association
〒143-0023 Ota-ku Sanno 2-3-7 Omori Urban Development Promotion Facility 4F
☎ 03-6410-7981 FAX 03-6410-7982 URL <https://www.ota-goca.or.jp/>

Pakiabot sa amin ang inyong mga opinyon at puna sa pamamagitan ng e-mail.

E-mail info@ota-goca.or.jp